

Ang Mais ay pangalawang pinakamahalagang pananim sa Pilipinas. Pangunahin itong ginagamit bilang pagkain ng tao, materyales sa mga industriya, at pakain para sa mga alagang hayop. Sa Pilipinas, ang mga magsasaka ng mais ay lumalaban sa matinding hamon ng nagbabagong klima at mas madalas na pamiminsala ng mga insekto sa mga sakahan. Ang paggawa ng corn silage o binurong mais ay isang paraan upang mapakinabangan ang napinsalang tanim na mais.



Ano ang *Corn Silage*?

Ito ay popular na pagkain para sa mga ruminant na hayop dahil ito ay mataas sa enerhiya at digestibility. Angkop din ito sa mekanisasyon ng proseso mula sa tanim na mais hanggang sa pagpakain sa alagang hayop. Ang pagburo ng bawat tonelada ng mais ay nangangailangan ng mas kaunting manggagawa kung ikukumpara sa ibang forage o mga pananim na kinakain ng alagang hayop.

Ang paggawa ng silage ay nagpepreserba ng mais gamit ang paraang anaerobic (walang oxygen) na pagbuburo ng dahon, bunga at tangkay nito. Sa tulong ng mga bakterya, ang soluble carbohydrates ay nagiging acetic at lactic acid, na syang responsable sa mala-atsarang katangian ng binurong mais.

Mga pakinabang sa paggawa ng silage mula sa mais:

1. Madaling ihalo at ipakain, at naglalaman ng mataas na konsentrasyon ng enerhiya.
2. Paraan ito upang mapakinabangan ang mga nasirang tanim na mais.
3. Maaaring palawigin ang panahon bago anihin ang tanim na mais.
4. Maaaring iimbak sa isang lugar na malapit sa sakahan upang may mahusay at murang pagkain para sa mga baka at kalabaw.

Mga desbentahe:

1. Sa pagbenta, mahirap matukoy ang tamang halaga o presyo nito.
2. Hindi ipinapayo ang mahabang oras na pagbiyahe nito.
3. Kapag hindi isinagawa ang tamang pangangalaga sa lupa, maaaring maging dahilan ng madaling pagkasira ng lupa.

Mabuting paraan ng pamumuhunan

Noong 2015, ang Philippine Carabao Center at DOST-PCAARRD ay nagsagawa ng proyekto tungkol sa komersyalisasyon ng corn silage o binurong mais para sa mga kalabaw. Ang sumusunod ang naging resulta ng proyekto:

- Napatunayan ni Isagani Cajucom, isang magsasaka, ang potensyal ng corn silage sa merkado.
- Gumawa siya ng 54,729 kilo ng corn silage mula sa dalawang ektarya, sa loob ng isang siglo ng pagtanim at pag-ani (cropping season). Naibenta ito sa halagang P191,551.50.
- Kung ibabawas ang mga nagastos para sa mga materyales sa pagtanim, irigasyon, transportasyon at iba pang isinagawa o input, ang kabuoang kita (net income) ay P66,661.60.
- Sa dalawang taon, umabot sa P582,475.80 ang kita sa loob ng apat na cropping season.



CORN SILAGE

Isang Alternatibong Kabuhayan



Mahalagang Komposisyon at Mga Pamantayan ng Kalidad Batay sa PNS (Philippine National Standard) para sa Corn Silage

Ang corn silage ay dapat sumunod sa mga kinakailangang batayan ng kalidad:

Sukatang ng Kalidad	Pamantayan ng Kalidad
Pagkabasa o taglay na tubig	60-70% pagkabasa
Lebel ng pH	3.5-4.7 pH
Tagal ng pagproseso	Hindi hihigit sa 24 oras para hindi mabulok

Lubos na katanggap-tanggap

Nilalaman na Butil (% wet basis): 20 o higit pa	
Kulay:	Berde
Amoy:	Banayad na amoy-binuro at walang indikasyon ng pagkabulok
Sukat:	Maliit (10mm o mas maliit pa) at pare-pareho ang sukat



Katanggap-tanggap

Nilalaman na Butil (% wet basis): 12-19	
Kulay:	Dilaw hanggang mapusyaw na kayumanggi
Amoy:	<ul style="list-style-type: none"> Mistulang prutas, may lebadura o amag, nagpapahiwatig ng mahinang pagkaburo Animo'y bahagyang nasunog na asukal Matapang na amoy-suka
Sukat:	May kahinaan ang silage kapag mas mahaba ang sukat (11-50 mm) at may ilang malalaking piraso

Hindi Katanggap-tanggap

Nilalaman na Butil (% wet basis): Mas mababa sa 12	
Kulay:	Puti, kulay abo, matingkad na kayumanggi o itim dahil sa amag
Amoy:	<ul style="list-style-type: none"> Animo'y nasunog, nagpapahiwatig ng labis na pag-init Masangsang o nabubulok, nagpapahiwatig ng hindi tamang pagkaburo Kitang-kita ang amag sa binurong mais
Sukat:	Ang silage ay buhaghag at may iba't ibang sukat ng mga pira-piraso (mas mahaba sa 50mm).

References:
 Mananghaya, RA. 2005. Information Services Section
 Corn silage Production as Agricultural Training Institute
 Enterprise. Regional Training Center
 IV-A

